San Diego Unified School District

Office of the Associate Superintendent
Special Projects Division
Program Monitoring Department

Patakaran sa Pakikilahok ng mga Magulang ng Title I
at Pamamalakad sa Pagsasakatuparan

Upang matiyak ang pagtutulungang samahan ng mga paaralang Title I, mga magulang at ng mga mamamayan, ang lupon na gumagawa sa pamamagitan ng pangasiwaan, ay nakapangako sa:

1. **Paglahok ng mga magulang/tagapag-alaga sa magkatuwang na paglinang sa panukalang Title I ng distrito, at ang paraan ng pagsusuri at ikabubuti ng paaralan.**

   Ang distrito ay magbibigay ng mga pagkakataon para sa pakikilahok ng magulang sa:
   - *a. Pagsali sa paglinang at pagbago ng Local Education Agency (LEA) Plan.*
   - *b. Pagsali sa Taonang Pagsusuri ng LEA Plan, na pinamumunuan ng District Advisory Council (DAC) para sa mga programang tugma sa pag-aaral*
   - c. *Pagbabahagi ng kaalaman, sa pamamagitan ng pag-uulat ng bayang Board of Education (BOE), sa pamamagitan ng websayt ng distrito, at sa pag-uulat ng BOE sa mga pulong ng DAC, sa bawa't pagsulong ng paaralan sa pagtupad sa mga gagawing hakbang ng pananagutan. (Nararapat na Taonang Pagsulong, Academic Performance Index).*

2. **Pagbibigay ng pagkakasundo, tulong at ibang suportang kailangan ng kasaling mga paaralan sa pagbalangkas at pagsasakatuparan ng mabisang pakikilahok ng magulang sa mga gawain upang mapabuti ang magagawa ng mga mag-aaral sa pag-aaral at ang matutupad ng paaralan.**

   Ang distrito ay:
   - *a. Magbibigay ng pagsasanay sa isang lugar sa tulong ng Harold J. Ballard Parent Center.*
   - *b. Magbibigay ng pagsasanay sa isang lugar para sa School Site Councils at English Learner Advisory Committees sa pamamagitan ng Program Monitoring Department.*
   - *c. Magbibigay ng Pagsasanay sa Tagapangasiwa ng mga Magulang na Nakikilahok sa pamamagitan ng Tanggapan ng Pagsasamahan.*
   - *d. Magbibigay ng pagsasanay at/o kagamitan sa mga kawani para sa paglinang ng mabisang mga gawaing pakikilahukan ng mga magulang upang bumuti ang magagawa ng mag-aaral.*

3. **Paglikha ng kakayahan ng mga mag-aaral, kagawad, at magulang/tagapag-alaga para sa malakas, mabisa, at kasalukuyang pakikilahok ng magulang sa pag-aaral ng kanilang mga anak na mapabuti ang kanilang magagawa.**

   Ang distrito ay:
   - *a. Magbibigay ng pamumunong pagsasanay para sa mga magulang sa Harold J. Ballard Parent Center.*
   - *b. Magbibigay ng pagsasanay para sa mga kasapi ng School Site Council sa pamamagitan ng Program Monitoring Department.*
   - *c. Magbibigay ng mga klase sa Parent University para sa lahat ng magulang sa Harold J. Ballard Parent Center.*
   - *d. Magbibigay ng mga pagsasanay para sa mga kasapi ng District Advisory Council (DAC) sa lahat ng usaping TitleI sa buwanang pagpupulong.*

4. **Pangangasiwa at pag-ugnay ng mga paraang pakikilahok ng mga magulang ng Title I sa mga paraang pakikilahok ng mga magulang na nasa ilalim ng iba't-ibang programa.**

   Ang distrito ay magbibigay ng pangangasiwang paglilingkod sa pagitan ng:
   a. *California Parent Resource Center (CPRC) at ng Harold J. Ballard Parent Center.*
   b. *San Diego Unified School District Parent, Community, and Student Engagement at ng Harold J. Ballard Parent Center.*
   c. *San Diego Unified School District Child Development Programs at ng Harold J. Ballard Parent Center.*

5. **Pagbigay, kasama ang pakikilahok ng magulang/tagapag-alaga, ng isang taonang pagsusuri ng nilalaman at kabutihan ng patakarang pakikilahok ng magulang sa ikabubuti ng uri ng pag-aaral sa mga paaralang pinagsisilbihan ng Title I, kabilang:**
   - **Pagkilala ng mga pumipigil sa higit na pakikilahok ng mga magulang/tagapag-alaga sa mga gawaing pakikilahukan, na may natatanging pagpansin sa mga magulang/tagapag-alaga na may kakulangan sa pamumuhay, may kapansanan, mahina sa English, mabagal sa pag-aaral, at nasa alinmang mababang kinagisnang lahi.**
   - **Paggamit ng mga kinalabasang pagsusuri sa pagbalangkas ng mga paraan para sa mabisang pakikilahok ng mga magulang.**
   - **Kung kinakailangan, baguhin ang mga patakaran ng pakikilahok ng mga magulang sa distrito at paaralan.**

   Ang distrito ay:
   a. *Magbigay ng paglilingkod na pagsalin sa wika, na nararapat, sa mga pulong ng magulang/sambayanan.*
   b. *Makilahok sa mga taonang pagsusuri ng distritong Patakaran ng Pakikilahok ng Magulang; ayusin ang paglikom at pag-uulat ng lahat ng pagsusuri ng lupong tagapayo ng District Advisory Council (DAC) para sa pagbayad sa mga programa ng pag-aaral.*
   c. *Makilahok sa gagawing pagbabago ng distritong Patakaran sa Pakikilahok ng Magulang, kapag kailangan, batay sa bunga ng pagsusuri.*
   d. *Magdaos ng pagsusuri ng District Advisory Council (DAC) sa mga programa sa Consolidated Application ng mungkahi para sa pondong pananalapi.*

6. **Pakikilahok ng mga magulang/tagapag-alaga sa mga gawain/pamaraan ng mga paaralan sinisilbihan ng Title I.**

   Ang distrito ay titiyakin ang:
   a. *Makabuluhang magkabilang pakikipag-ugnayan tuwina sa magkabilang panig na antas at ng distrito, na nakabalangkas sa patakaran ng distrito.*
   b. *Lahat ng paaralang Title I ay tatanggap ng kabahagi para sa mga gawaing pakikilahok ng mga magulang. All Title I schools receive an allocation for parent involvement activities.*
   c. *Ang mga pulong ay gaganapin sa panahong nararapat sa pakikilahok ng mga magulang.*
   d. *Ang mga magulang ay bibigyang alam kung kailan ang mga paaralan ay magkakaroon ng Program Improvement, at papayuhan tungkol sa mga pagpili/paglilingkod na karapatdapat para sa mag-aaral sa ilalim ng Program Improvement at/o sa Supplemental Educational Services.*